



FACT SHEET

U.S. Department of Health and Human Services • Office for Civil Rights • Washington, D.C. 20201 • (202) 619-0403

ANG IYONG MGA KARAPATAN BILANG ISANG TAO NA MAY INPEKSIYON NG “HIV”, “AIDS”, O KAUGNAY NA KONDISYON (Sa mga Pinopondohan ng Pederal na mga Programang Pangkalusugan at Serbisyong Pantao)

ANG TANGGAPAN PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL

Ang Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (OCR) ng U.S. Department of Health and Human Services (DHHS) ay nagpapatupad ng mga batas na Pederal na nagbabawal sa diskriminasyon ng tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan at pangtao na tumatanggap ng mga pondo mula sa DHHS. Isa sa mga katulad na batas ay ang Seksiyon 504 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973, na pumoprotekta sa mga indibidwal na may “Human Immunodeficiency Virus (HIV)—na kilala din sa ngalang “Acquired Immune Deficiency Syndrome (AIDS) bayrus—mula sa diskriminasyon.

ANO ANG SEKSIYON 504?

Ang Seksiyon 504 ay isang pambansang batas na pumoprotekta sa mga *kwaliplikadong* indibidwal mula sa diskriminasyon batay lamang sa kanilang kapansanan. Ipinagbabawal ng batas ang diskriminasyon laban sa mga tao na may “HIV”. Ipinagbabawal nito sa entidad na tumatanggap ng Pederal na pondo mula sa hindi pagkasali o pagtanggig sa mga indibidwal na mayroong kapansanan ang pantay na oportunidad na tumanggap ng mga benepisyo mula sa mga programa at mga serbisyo. Ang Seksiyon 504 ay naglalahad din ng mga karapatan ng mga indibidwal na may kapansanan sa paglahok at paggamit sa mga programa at sa mga serbisyo. Ang batas ay sumasakop din sa diskriminasyon sa pagtatrabaho. Gayundin, ang batas ay humahadlang sa diskriminasyon laban sa mga indibidwal na may historya ng mga kapansanan o pinaniniwalaan o ginamot sa dahilan ng kapansanan.

ANG SEKSIYON 504 AY PUMOPROTEKTA SA KWALIPIKADONG MGA TAO NA MAY IMPEKSIYON NG HIV

Bagamat ang impeksiyon ng HIV ay ipinapalagay bilang isang protektadong kapansanan, ang apektadong mga tao ay maaari ring maabot ang mga legal na kinakailangan para sa *kwaliplikadong indibidwal na may kapansanan* upang maging karapat-dapat para sa proteksiyon at mga karapatang magagamit, sa ilalaim ng Seksiyon 504. Sa madaling sabi, ang katutoran ng *kwaliplikadong indibidwal na may mga kapansanan* ay inilalarawan sa mga sumusunod:

- Para sa trabaho, ang *kwaliplikadong indibidwal na may kapansanan* ay ang mga taong may makatwirang akomodasyon, makakaganap sa mga mahahalagang tungkulin sa trabaho na kanilang pinasukan o kaya ay natanggap para gumawa. Ang makatwirang akomodasyon ay nangangahulugan na ang pinaglilingkuran ay kinakailangang magsagawa ng makatuwirang mga hakbang upang tanggapin ang iyong kapansanan maliban kung ito ay maging dahilan ng paghihirap ng pinaglilingkuran.
- Para sa pagtanggap ng mga serbisyo, edukasyon o pagsasanay, ang *kwaliplikadong mga indibidwal na may kapansanan* ay ang mga taong naaabot ang normal at mahahalagang pangangailangan sa eligibilidad.

Ang Seksiyon 504 ay ginagamit sa mga pinaglilingkuran at mga organisasyon na tumatanggap ng Pederal na tulong pinansiyal mula sa Pederal na kagawaran o ahensiya, kabilang na ang DHHS. Ang DHHS Seksiyon 504 na regulasyon ay matatagpuan sa 45 CFR Bahagi 84.

Ang mga tao na may impeksiyon ng HIV ay natanggal sa kanilang trabaho, tinanggihan ng karapatan sa mga

serbisyong sosyal, o tinanggihan ng medikal na paggagamot dahilan lamang sa kanilang kapansanan. Ang mga indibidwal na kaparehong trenato sa dahilan sa sila ay natuklasang may impeksyon ng HIV. Ang gayong mga aksiyon ng mga ahensiya, institusyon, ospital, alagaang bahay ng matatanda, gusaling pagamutan ng may bisyo sa droga, klinika, organisasyon, o iba pang entidad na tumatanggap ng pondo mula sa Pederal ay labag sa batas na diskriminasyon sa ilalim ng seksyon 504.

PAANO MAGSAMPA NG REKLAMO SA OCR?

Kung pinaniniwalaan mo na ikaw ay idiniskrimina dahilan sa iyong kapansanan, kabilang ang impeksyon ng HIV, ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring magsampa ng reklamo sa OCR. Ang reklamo ay kinakailangan isampa sa loob ng 180-araw mula sa petsa ng paratang ng diskriminasyon. (Ang OCR ay maaaring mapahaba ang 180-araw na panahon kung may maipakitang magandang dahilan.) Isama ang mga sumusunod na impormasyon sa iyong nakasulat na reklamo, o humiling ng “Discrimination Complaint Form” mula sa OCR.

- **Ang iyong pangalan, tirahan, at numero ng telepono.** Kailangan pirmahan mo ang iyong pangalan. (Kung ikaw ay nagsampa ng reklamo para sa ibang tao, isama mo ang iyong pangalan, tirahan, numero ng telepono at salaysay ng iyong kaugnayan sa taong yaon—halimbawa, asawa, abugado, kaibigan, at iba pa.)
- Ang pangalan at lugar ng institusyon o ahensiya na pinaniniwalaan mong nagdiskrimina sa iyo.
- Papaano, bakit, at kailan sa paniniwala mo ikaw ay diniskrimina.
- Iba pang impormasyon may kaugnayan.

Ipadala ang reklamo sa pang-rehiyong tanggapan ng OCR na nasa ibaba o sa himpilang lugar ng Washington D.C. na nasa unahan nitong “Fact Sheet”.

Pagkatanggap ng iyong reklamo, ang pamunuan ng OCR ay isasagawa ang pagrerepaso upang mapagpasiyahan ang saklaw ng Seksyon 504. Kung ang iyong reklamo ay napapaloob sa isyu, ang imbestigasyon ay isasagawa.

Kung may nakitang diskriminasyon, ang OCR ay makikipag-negosasyon sa institusyon o organisayon na kusang loob na iwasto ang diskriminatoryong kilos. Kung ang mga negosasyon ay di-tagumpay, ang pamamaraan ng pagpapatupad ay maaaring isagawa upang ipatigil o tanggalin ang Pederal na pagpopondo. Sa ilalim ng Seksyon 504, ikaw rin ay may karapatang kumunsulta sa isang pribadong abugado at maghanap ng ginhawa sa pamamagitan ng pagsasampa ng pribadong litigasyon laban sa organisayon na pinaparatangan mong nagdiskrimina laban sa iyo.

Kapag ang reklamo ay naisampa na sa OCR, ang batas ay nagbabawal sa pinaratangang partido na nagdiskrimina mula sa pag-ganti laban sa nagreklamo o kahit sinong tao na nagbibigay ng impormasyon sa OCR tungkol sa reklamo. Ipaalam kaagad sa OCR kung may pangyayaring aktong pagganti.

Kung napag-alaman na ang iyong reklamo ay wala sa loob ng nasasakupan ng OCR, maaaring ilipat ito ng OCR sa nararapat na ahensiya na puweding makatulong sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa:

**Director, Office of Civil Rights (OCR)
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW-Room 506-F
Washington, D.C. 20201**

**Hotlines: 1-800-368-1019 (Voice)
E-mail: ocrmail@hhs.gov**

**1-800-537-7697 (TDD)
Website: <http://www.hhs.gov/ocr>**